
2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Lahat Tayo ay Mahalaga



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_EsP 2_Module 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Lahat Tayo ay Mahalaga**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Eloisa A. Elemento |
| **Patnugot:** | Nelson L. Oliva, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Jose C. Tala, Feligena F. Bugay, Ariel C. Lansang, Rosalinda S. Ibarra, Joselita B. Gulapa |
| **Tagaguhit:** | Oliver V. Arevalo |
| **Tagalapat:** | Sweet Hazel E. Dordines, Emmanuel S. Gimena Jr. |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Joselita B. Gulapa, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Ariel C. Lansang, Feligena F. Bugay, Jose C. Tala |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ______________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Region III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 2:
## Lahat Tayo ay Mahalaga

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay inihanda upang lubos mong malaman at maunawaan ang mga mabubuting asal na dapat taglayin ng isang batang Pilipinong katulad mo.

Sa modyul na ito ay matatalakay ang iba't ibang kalagayan ng ating kapuwa at kung paano ang makitungo sa kanila.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang nakapagbabahagi ng sarili sa kalagayan ng kapuwa tulad ng: (EsP2P-IIc-7)

a. antas ng kabuhayan
b. pinagmulan
c. pagkakaroon ng kapansanan



## *Subukin*

**Panuto:** Nakikilala mo ba ang mga nasa larawan? Tukuyin kung sino-sino ang mga nasa larawan. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1.




A. Aeta
B. Mangyan
C. T'boli
D. Maranao

2.



A. balerina
B. lumpo
C. pulubi
D. duwende

3.




A. mayamang lalaki
B. pulubi
C. doktor
D. katutubo

4.



A. matandng lalaki
B. matandang babae
C. batang lalaki
D. batang babae


5.



A. babaeng bulag
B. babaeng pilay
C. lalaking bulag
D. babaeng pilay

# Aralin 1 Lahat Tayo ay Mahalaga

Ang bawat tao ay may iba't ibang kalagayan sa buhay. Maipapadama natin ang ating pagmamahal sa kapuwa kung mauunawaan natin ang kanilang damdamin. Subukan natin na ilagay ang ating sarili sa kanilang kalagayan upang lubos nating maunawaan ang kanilang nararamdaman.



## *Balikan*

**Panuto:** Isulat sa iyong papel ang letrang **T** kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng tamang pakikitungo sa kapuwa at **M** ang isulat kung mali.

______ 1. Tinulungan ni Ana sa pagtawid ang isang kapitbahay nilang matandang babae.

______ 2. Pinakain ni Danny ang pulubi sa harap ng kanilang tarangkahan.

______ 3. Kinaibigan ni Nina ang katutubong kaklase.

______ 4. Itinuro ni Ema ang daan sa naliligaw na matandang lalaki.

______ 5. Binigyan ni Boyet ng laruan ang katutubong kapitbahay.

## Tuklasin


Basahin ang maikling kuwento tungkol sa isang batang huwaran. Alamin kung ano-ano ang mga kabutihang kaniyang nagawa.

### Huwarang Bata


ni Eloisa A. Elemento

Araw ng Sabado, handa nang magtungo sa palaruan ang magkapatid na Olly at Onyok. Mas matanda si Olly ng dalawang taon sa kaniyang kapatid na si Onyok.


Sa kanilang paglalakad, may nakita si Onyok na babaeng inaabot ang kaniyang nabitawang saklay. Sinabi niya ito sa kaniyang kuya at saka ito pinagtawanan. Ngunit sa halip na tumawa rin ay pinangaralan siya ng kaniyang Kuya Olly na hindi dapat pinagtatawanan ang mga taong may kapansanan o may kakaibang kalagayan. Nilapitan ni Olly ang babae. Kinuha niya ang saklay na nalaglag. Iniabot niya rito ang saklay at tinulungan itong makatayo.



Sa palaruan, nakita ni Olly ang kaniyang kamag-aral na katutubo at inalok niya itong umupo sa kaniyang tabi.



Habang sila ay kumakain, may nakita si Kuya Olly na isang Ale na payat na payat at madungis. Nilapitan at nginitian ito ni Kuya Olly at saka inabutan ito ng baon nilang tinapay.



Nagtatakang nagtanong si Onyok sa kaniyang Kuya Olly. "Kuya, bakit mo sila tinutulungan? Iba naman ang itsura nila sa atin?" Sumagot si Kuya Olly, "Dapat natin silang pakitunguhan nang maayos kahit sila ay may kakaibang kalagayan sa buhay, Onyok. Dapat ipakita natin na sila ay mahal natin at mahalaga kahit iba man ang kanilang katayuan sa buhay, itsura at kahit may kapansanan pa sila. Kung ikaw ang nasa kanilang kalagayan, gusto mo bang pagtawanan ka at laitin ng iba?"

Napaisip si Onyok. "Ayaw ko po Kuya Olly. Mula ngayon ay hindi ko na sila pagtatawanan. Sa halip ay pahahalagahan at pakikitunguhan ko na sila nang maayos."

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel. Iguhit ang hugis na nakatapat sa tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod ang ginawa ni Onyok nang may nakita siyang pilay na babae?
   - ○ Iniabot ni Onyok ang saklay sa pilay na babae.
   - △ Pinagtawanan ni Onyok ang pilay na babae.
   - ☆ Inalalayan ni Onyok ang pilay na babae.
   - ♡ Pinaalis ni Onyok ang pilay na babae.

2. Alin sa sumusunod ang ginawa ni Kuya Olly noong makita niya ang pilay na babae?
   - ○ Hindi pinansin ni Kuya Olly ang pilay na babae.
   - △ Pinagtawanan din ni Kuya Olly ang pilay na babae.
   - ☆ Inalalayan ni Kuya Olly ang pilay na babae at iniabot ang saklay nito.
   - ♡ Pinaalis ni Kuya Olly ang pilay na babae.

3. Alin sa sumusunod ang ginawa ni Kuya Olly sa kaniyang kamag-aral na katutubo?

    ○ Pinaupo ni Kuya Olly ang kamag-aral na katutubo sa kaniyang tabi.

    △ Hindi pinansin ni Kuya Olly ang kamag-aral na katutubo.

    ☆ Binigyan ni Kuya Olly ng pagkain ang kamag-aral na katutubo.

    ♡ Nakipaglaro si Kuya Olly sa kamag-aral na katutubo.

4. Alin sa sumusunod ang ginawa ni Kuya Olly sa pulubi?

    ○ Binigyan ni Kuya Olly ng pera ang pulubi.

    △ Pinaalis ni Kuya Olly ang pulubi.

    ☆ Hindi pinansin ni Kuya Olly ang pulubi.

    ♡ Binigyan ni Kuya Olly ang pulubi ng kanilang baong tinapay.

5. Ano ang katangiang ipinamalas ni Olly?

    ○ Matalinong bata


    △ Matulunging bata

    ☆ Masayahing bata


    ♡ Masipag na bata

# Suriin


Ang mabuting pakikitungo sa kapuwa ay pagtugon sa pangangailangan ng iba. Ito ay hindi naghihintay ng anumang kapalit at nakahanda kang ibahagi ang iyong sarili. Sapagkat ang pagtulong sa kapuwa ay kaligayahan ng ating puso. Dahil sa katangiang ito, marami tayong magiging kakilala at kaibigan.



Inaalalayan niya ang bulag o malabo ang paningin.



Nakikipagkaibigan siya sa katutubong kamag-aral.




Nagpapahiram siya ng laruan sa kapitbahay na walang laruan.

Ang mga larawan na nasa itaas ay ilan lamang sa mga paraan kung saan maipakikita natin ang pagmamahal at pagkalinga sa ating kapuwa.

## *Pagyamanin*


**Panuto:** Maglagay ng bilang 1-5 sa iyong sagutang papel. Sa bawat bilang, ilagay ang tsek (✓) kung ang ipinapakita ng larawan ay mabuting pakikitungo sa kapuwa, at ekis (x) naman kung hindi.




_______1. Tinulungan ni Marlon na magbitbit ng basket ang babaeng buntis.



_______2. Binigyan ni Manelle ng inuming tubig ang katutubo.



_______3. Ibinahagi ni Carol ang kaniyang tinapay sa batang mas nangangailangan.



_______4. Pinahiram ni Michelle ng aklat ang kaibigan niyang pilay.



_______5. Nagmano si Nicole sa nakasalubong niyang matanda.

## *Isaisip*

**Panuto:** Iguhit sa loob ng kolum ang bituin ☆ kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng tamang pakikitungo sa kapuwa at buwan ☾ naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| Sitwasyon | Sagot |
|---|---|
| 1. Ibinahagi ni Mona ang kaniyang baon sa kamag-aral na katutubo. | |
| 2. Hindi pinansin ni Alex ang kapatid niyang bingi. | |
| 3. Inimbitahan ni Joy sa kaniyang kaarawan ang kamag-aral na katutubo. | |
| 4. Tinulungan ni Samuel na bitbitin ang dalahin ni Lola Elma. | |
| 5. Ipinagtabuyan ni Joan ang pulubi. | |

## *Isagawa*

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Kung ikaw ang nasa sitwasyon na ito ano ang iyong gagawin? Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. May nakita kang matandang bulag na babae na gustong tumawid sa kalsada.
   A. Hindi na lang papansinin ang matandang bulag na babae.
   B. Tutulungan ang matandang bulag na babae na makatawid sa kalsada.
   C. Tatawag ng ibang bata para siya ang tumulong sa matandang bulag na babae.
   D. Magmamano ako sa matandang bulag na babae.



2. Nababasa sa ulan ang kaklase mong katutubo.
   A. Pasisilungin ko siya sa aking payong.
   B. Hindi ko siya pasisilungin sa aking payong.
   C. Hindi ko siya papansinin.
   D. Papayuhan ko siya na tumakbo na lang.

3. Napansin mo na hindi nagpapalit ng damit ang kaklase mo.
    A. Bibigyan ko siya ng mga damit na hindi ko na ginagamit.
    B. Bibilihan ko siya ng mga bagong damit.
    C. Papayuhan ko siya na palagi siyang magpapalit ng damit.
    D. Lalayuan ko siya.

4. Nakita mong walang baon ang iyong kamag-aral na katutubo.
    A. Ibibigay ko sa kaniya ang lahat ng baon ko.
    B. Hahatian ko siya sa baon ko.
    C. Sasabihan ko siya na humingi siya ng baon sa iba naming kaklase.
    D. Bibigyan ko siya ng pera para may pambili siya ng baon niya.

5. Gustong sumali sa inyong laro ang kapitbahay mong marungis.
    A. Isasali namin siya sa aming laro.
    B. Hindi namin siya isasali sa aming laro.
    C. Paaalisin namin siya.
    D. Isasali namin siya pero siya ang laging taya.

# *Tayahin*

**Panuto:** Iguhit sa loob ng bilog ang araw  kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng mabuting pakikitungo sa kapuwa at iguhit naman ang kidlat  kung hindi. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Malakas ang ulan kaya pinasukob ni Aaron sa kaniyang payong ang kamag-aral niya na isang katutubo.
2. Nagbigay si JM ng maliit na halaga mula sa kaniyang baon para sa mga nasalanta ng bagyo.
3. Ipinaubaya ni Aldrin ang kaniyang upuan sa matandang lalaki.
4. Pinaalis ni Kyla ang pulubing nakaupo sa harap ng kanilang bahay.
5. Ibinigay ni Mika sa kanilang kapitbahay na nangangailangan ang mga damit na hindi na ginagamit.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Basahin isa-isa ang mga parirala na nasa loob ng ulap. Kulayan ng asul ang iyong ulap kung ito ay nagpapakita ng kabutihan sa kapuwa at pula ang iyong ikulay kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Tinulungang makatayo ang pilay na kapatid

2. Nagpahiram ng laruan sa kaniyang kalaro na hindi kayang bumili nito

3. Hindi pinansin ang nanghihingi ng limos

4. Inalalayan ang bulag na kapitbahay

5. Pinatuloy sa bahay ang kaibigang katutubo

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

5. A
6. B
7. B
8. A
9. C

**Balikan:**

1. T
2. T
3. T
4. T
5. T

**Tuklasin:**

1. △
2. ☆
3. ○
4. ♡
5. △

**Pagyamanin:**

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. ✓

**Isaisip**

1. ☆
2. ☾
3. ☆
4. ☆
5. ☾

**Isagawa:**

1. B
2. A
3. A or C
4. B
5. A

**Tayahin:**

1. ☼
2. ☼
3. ☼
4. ϟ
5. ☼

**Karagdagang Gawain:**

1. Asul
2. Asul
3. Pula
4. Asul
5. Asul

# *Sanggunian*

DepEd Resources et al., "Grade 2 Teachers Guide | K To 12 Curriculum", Deped Resources, 2020, https://www.depedresources.com/grade-2-teachers-guide-k-to-12-curriculum/.

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay- Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. "Grade 2 LM". K12 resources, 2020. https://k12resources.wordpress.com/k12-learning-materials/grade-2-lm/

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. K12resources.Files.Wordpress.Com. Accessed 14 July 2020. https://k12resources.files.wordpress.com/2013/11/gr-2-esp-tg.pdf

Materials, Teaching, Reading Articles, and Be Contributor. "Most Essential Learning Competencies (MELC) KG To Grade 12 SY 2020-2021". Deped Click, 2020. https://www.deped-click.com/2020/05/most-essential-learning-competencies.html.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph